Mga
IDIOMA

Koleksiyon ng pinakapopular na mga idioma!

Koleksiyon ng pinakapopular na mga idioma!

Mga IDIOMA

Madaling maunawaan dahil may dagdag
na mga pangungusap!

Tinipon ni Ofelia E. Concepcion

Karapatang Ari 2008

MGA IDIOMA
Tinipon ni Ofelia E. Concepcion

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaring kopyahin o gayahin ng walang pahintulot mula sa Tagapaglathala.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN.

Inilathala sa
Blumentritt, Manila

IDIOMA

ANO ANG IDIOMA?

1. Ang idyoma ay isang salita o grupo ng mga salita na ang kahulugan ay iba sa tunay na depinisyon ng mga ito.

2. Makulay na ekspresyon na ang kahulugan ay kaiba sa kahulugan ng pinagsamang mga salita.

1. *Idioma*: amoy-pinipig
Kahulugan: mabango ang amoy

Halimbawa: Napalingon ang binata dahil amoy-pinipig ang nagdaang dalaga.



2. *Idioma*: abot ng isip
Kahulugan: kayang unawain
kayang maintindihan

Halimbawa: Hindi pa abot ng isip ni Mildred ang nangyayari sa kanyang buhay.

3. *Idioma*: agaw-buhay
Kahulugan: nasa bingit ng kamatayan
malapit nang mamatay

Halimbawa: Agaw-buhay ang biktima ng malagim na aksidente.

4. *Idioma*: agaw-liwanag
Kahulugan: malapit nang mag-umaga
lumiliwanag na

Halimbawa: Agaw-liwanag nang dumating ang grupo nina JM sa Baguio.

5. *Idioma*: alagad ng batas
Kahulugan: pulis o miyembro ng militar

Halimbawa: Pangarap ni Nico na maging isang alagad ng batas.

6.Idioma: anak ng dilim
Kahulugan: maligno o engkanto

Halimbawa: Ayaw ng nanay ni Lily sa kanyang manliligaw dahil mukha raw anak ng dilim.

7. *Idioma*: anak ng Diyos
Kahulugan: may kapangyarihan
may espesyal na pribilehiyo

Halimbawa: Palibhasa'y anak ng Diyos, naga-gawa ni Francis ang lahat ng maibigan.

8. *Idioma*: anak ng lupa
Kahulugan: magbubukid o magsasaka
ang trabaho ay pagbubungkal ng lupa

Halimbawa: Ipinagmamalaki ni Leon na isa siyang anak ng lupa.

9. Idioma: asal-hayop
Kahulugan: mabangis o malupit sa kapwa
walang pinipili ang pagmamalupitan

Halimbawa: Asal-hayop lamang ang papatay sa isang sanggol.

10. *Idioma:* atras-abante
Kahulugan: hindi desidido

Halimbawa: Matagal nang atras-abante si Daniel sa pagpunta sa Saudi.

11. *Idioma*: ayaw padapuan sa langaw
Kahulugan: sobrang protektado

Halimbawa: Mahal na mahal nila ang anak kaya ayaw padapuan sa langaw.

12. *Idioma*: bagong buhay
Kahulugan: magsimulang muli
Halimbawa: Ang pinalayang bilanggo ay magbabagong buhay na.

13. *Idioma*: bagong tao
Kahulugan: nagbibinata o binatilyo

Halimbawa: Bagong tao na pala ang anak ni Fe.

14. *Idioma*: bakal ang dibdib
Kahulugan: matibay ang loob

Halimbawa: Makakaya ni KC ang lahat ng pagsubok dahil bakal ang kanyang dibdib.

15. *Idioma*: balian ng buto
Kahulugan: disiplinahin

Halimbawa: Kahit balian ng buto ay gagawin ng ama para tumino ang anak.

16. *Idioma*: bantay-salakay
Kahulugan: isang tagapagbantay na isa palang magnanakaw

Halimbawa: Hindi akalain ni Mang Pedring na bantay-salakay ang kanyang tauhan.

17. *Idioma*: basa ang papel
Kahulugan: hindi mapagkakatiwalaan

Halimbawa: Basa na ang papel ni Carlito sa mga magulang dahil lagi siyang nag-uuwi ng problema.

18. *Idioma*: batang kalye
Kahulugan: nakatira o lumaki sa lansangan

Halimbawa: Kawawa ang mga batang kalye.

19. *Idioma*: batang-isip
Kahulugan: inosente
wala pang muwang sa buhay

Halimbawa: Mataas si Joaquin pero batang isip.

20. *Idioma*: bibig na pakakainin
Kahulugan: mga taong pinakakain

Halimbawa: Nanganak si Liz kaya may dagdag na bibig na pakakainin si Arnel.

21. *Idioma*: bilugin ang ulo
Kahulugan: lokohin

Halimbawa: "Bilugin mo ang ulo ng lola mo para bigyan ka ng pera," ani Daryll kay Alex.

22. *Idioma*: buhay-alamang
Kahulugan: hirap na hirap sa buhay

Halimbawa: Kahit anong sikap, buhay-alamang pa rin ang pamilya ni Benjo.

23. *Idioma*: buhos ang panahon
Kahulugan: ibinibigay ang lahat ng oras

Halimbawa: Ibang klase si Aiko dahil laging buhos ang panahon niya sa trabaho.

24. *Idioma*: bukas ang palad
Kahulugan: matulungin o laging handang tumulong

Halimbawa: Si Andres ay pinagpapala dahil laging bukas ang palad niya sa mahihirap.

25. *Idioma*: bumalikwas sa agos
Kahulugan: labanan ang nakasanayan na
huwag sumunod sa kalakaran

Halimbawa: Mahirap ang bumalikwas sa agos dahil hindi lahat ay makauunawa.

26. *Idioma*: bunga ng isip
Kahulugan: sariling likha

Halimbawa: Hindi ako makapaniwalang bunga ng isip ni Mely ang magandang dibuho.

27. *Idioma*: butas ang bulsa
Kahulugan: walang pera
ubos na ubos ang pera

Halimbawa: Nabutas ang bulsa ni Vincent nang nakaraang Pasko at Bagong Taon.

28. *Idioma*: buwaya sa katihan
Kahulugan: sakim o suwapang

Halimbawa: Huwag na huwag kang magtitiwala sa isang buwaya sa katihan.

29. *Idioma*: kabiyak ng puso
Kahulugan: asawa

Halimbawa: Si Nelson pala ang naging kabiyak ng puso ni Melissa.

30. *Idioma*: kailangan ng palo
Kahulugan: kailangang utusan para gumawa
walang sariling kusa

Halimbawa: Kailangan pa ng palo ng aking kasambahay para asikasuhin ang mga gawaing bahay.

31. *Idioma*: kainin ang salita
Kahulugan: bumalik sa sarili ang panghuhusga
hindi mangyari ang ipinagyayabang

Halimbawa: Huwag kang masyadong mayabang at baka kainin mo ang iyong salita.

32. *Idioma*: kagat na ang dilim
Kahulugan: madilim na o pagabi na

Halimbawa: Kagat na ang dilim nang dumating sina Dora.

33. *Idioma*: kakaning itik
Kahulugan: mahinang klase

Halimbawa: Ang pamilya ni Mang Dencio ay mga kakaning itik.

34. *Idioma*: kalapating mababa ang lipad
Kahulugan: masamang babae
babaing nagbibili ng aliw

Halimbawa: Hindi akalain ni Mando na ang nililigawan niya ay isang kalapating mababa ang lipad.

35. *Idioma*: kalatog-pinggan
Kahulugan: mahilig kumain sa hindi nila bahay

Halimbawa: Si Bobby ay may taguring kalatog-pinggan.

36. *Idioma*: kaututang dila
Kahulugan: kakuwentuhan
katsismisan

Halimbawa: Naku, kaututang dila na naman ni Prescy ang daldalerang si Luisa!

37. *Idioma*: kinain ng abo
Kahulugan: nasunog

Halimbawa: Ang lahat ng pinaghirapan ng mag-asawang Bing at Wilma ay kinain ng abo.

38. *Idioma*: kulang sa pansin
Kahulugan: kumukuha ng atensiyon
nagpapapansin

Halimbawa: Kulang sa pansin si Gaspar kaya nagpapatawa.

39. *Idioma*: kulay abo ang paligid
Kahulugan: nagluluksa o nagdadalamhati
malungkot na malungkot

Halimbawa: Mula nang iwan ng nobyo ay naging luksa ang paligid ni Andrea.

40. *Idioma*: kumukulo ang dugo
Kahulugan: galit na galit

Halimbawa: Tuwing makikita ko si Celestina ay kumukulo ang aking dugo.

41. *Idioma*: kumukulo ang tiyan
Kahulugan: gutom

Halimbawa: Hindi ako nag-almusal kaya kanina pa kumukulo ang aking tiyan.

42. *Idioma*: kuyom ang palad
Kahulugan: matipid
hindi palabigay

Halimbawa: Kilala si Eddie na kuyom ang palad.

43. *Idioma*: dinidiyos ang pera
Kahulugan: labis na nagpapahalaga sa pera

Halimbawa: Mula nang yumaman ay diniyos na ni Marcial ang pera.

44. *Idioma*: dugo nang dugo
Kahulugan: anak o kaanak

Halimbawa: Si Noynoy ay dugo nang dugo ni Ninoy.

45. *Idioma*: duling na duling
Kahulugan: labis na humahanga

Halimbawa: Duling na duling na si Mikael sa pagmamasid sa magandang bakasyunista.

46. *Idioma*: gawa ng pagmamahal

Kahulugan: dahil sa pagmamahal

Halimbawa: Nagtitiis magtrabaho sa ibang bansa si Larry gawa ng pagmamahal sa pamilya

47. *Idioma*: ginintuang tinig
Kahulugan: maganda ang boses

Halimbawa: Nanalo sa patimpalak si Chona dahil sa ginintuan niyang tinig

48. *Idioma*: ginto ang puso
Kahulugan: mabuti ang kalooban
laging handang tumulong sa kapwa

Halimbawa: Si Father Charles ay may gintong puso.

49. *Idioma*: gumapang na tila ahas
Kahulugan: maghirap o dumanas ng hirap

Halimbawa: "Isinusumpa kong gagapang kang tila ahas!" ang sabi ng ina sa suwail na anak.

50. *Idioma*: halang ang kaluluwa

Kahulugan: masama ang ugali
hindi kumikilala ng katwiran

Halimbawa: Huwag mong biruin si Mandong Maton at halang ang kanyang kaluluwa.



51. *Idioma*: hawak sa leeg
Kahulugan: sumusunod sa lahat ng utos sunud-sunuran

Halimbawa: Ang mga trabahador ay hawak sa leeg ng kanilang amo.

52. *Idioma*: hayok na hayok
Kahulugan: gutom na gutom

Halimbawa: Hayok na hayok ang pulubi nang kumain.

53. *Idioma*: hinahabol ng gunting
Kahulugan: lalaking dapat nang gupitan ang buhok

Halimbawa: Si Celso ay hinahabol ng gunting dahil isang buwan nang hindi nagpapagupit ng buhok.

54. *Idioma*: hindi kaning isusubo
Kahulugan: bagay na hindi maaaring gawin nang madalian

Halimbawa: Ang pag-aasawa ay hindi parang kaning isusubo at iluluwa kapag napaso.

55. *Idioma*: hindi maabot ng tingin
Kahulugan: napakalawak

Halimbawa: Hindi maabot ng tingin ang lupain ni Don Facundo.

56. *Idioma*: hindi malunok
Kahulugan: mahirap tanggapin

Halimbawa: Hindi malunok ni Gardo ang babaing ipinalit ng ama sa kanyang ina.

57. *Idioma*: iabot ang kamay
Kahulugan: magbigay ng tulong

Halimbawa: Iniabot ni Jessie ang kamay sa kapatid na nangangailangan.

58. *Idioma*: inaapoy ng lagnat
Kahulugan: mataas na mataas ang lagnat

Halimbawa: Inaapoy ng lagnat ang alaga ni Yaya Tuding.

59. *Idioma*: isang kahig-isang tukang buhay

Kahulugan: mahirap na mahirap
Halimbawa: Ang mga pulubi ay may isang kahig-isang tukang buhay.

60. *Idioma*: isang paa sa hukay
Kahulugan: nasa bingit ng kamatayan
malapit nang mamatay

Halimbawa: Muntik nang mabingit sa kamatayan ang buhay ni Leila nang isilang ang bunsong anak.

61. *Idioma*: ibong malaya
Kahulugan: binata
walang pananagutan sa buhay

Halimbawa: Si Billy ay isang ibong malaya.

62. *Idioma*: itaga sa bato
Kahulugan: tinitiyak na mangyayari
isinumpang magaganap

Halimbawa: Itaga mo sa bato na igaganti ko ang aking kaapihan.

63. *Idioma*: laman ng lansangan

Kahulugan: pagala-gala, laging nasa lansangan
Halimbawa: Ang mga anak ni Naldo ay laman ng lansangan.

64. *Idioma*: lugar sa mundo
Kahulugan: takdang kapalaran

Halimbawa: Hindi sa kailan at matatagpuan mo rin ang sariling lugar sa mundo.

65. *Idioma*: luha ng buwaya
Kahulugan: pakunwaring pag-iyak

Halimbawa: Mahirap paniwalaan ang luha ng isang buwaya.

66. *Idioma*: lukso ng dugo
Kahulugan: damdamin para sa anak o kapamilya

Halimbawa: Matingkad ang lukso ng dugo kaya nakilala agad ni Myrna ang anak na nawawala.

67. *Idioma*: luksong alamang
Kahulugan: mahirap na buhay

Halimbawa: Hindi kami makaahon sa buhay na luksong alamang.

68. *Idioma*: lumalakad na libro
Kahulugan: matalino at maraming alam

Halimbawa: Noong nabubuhay pa ay tinawag na lumalakad na libro si Ernie Baron.

69. *Idioma*: lupang pinag-ugatan
Kahulugan: lugar na sinilangan at nilakihan

Halimbawa: Ang mga Filipino sa ibang bansa ay umuuwi sa lupang pinag-ugatan kapag matanda na.

70. *Idioma*: luwa ang mata
Kahulugan: hangang-hanga

Halimbawa: Luwa ang mga mata ni John nang makita ang magandang dalaga.

71. *Idioma*: lintik lang ang walang ganti
Kahulugan: titiyaking makagaganti sa nang-api

Halimbawa: Tiniyak ng ama ng binatilyo na lintik lang ang walang ganti sa mga gumulpi sa anak.

72. *Idioma*: maamong kordero
Kahulugan: mabait
mukhang hindi gagawa ng masama

Halimbawa: Si Clarence ay mukhang maamong kordero.



73. *Idioma*: mabigat ang paa
Kahulugan: malakas ang bagsak ng paa kapag naglakad

Halimbawa: Ayaw na ayaw ng matanda sa taong mabigat ang paa.

74. *Idioma*: magaan ang kamay
Kahulugan: madaling manakit gamit ang kamay laging nakasampal o nakapalo

Halimbawa: Nagkagalit ang mag-asawa dahil magaan ang kamay ng babae sa mga anak.

75. *Idioma*: magbago ng isip
Kahulugan: baguhin ang desisyon

Halimbawa: Mabuti at hindi pa sila nakaalis nang magbago ng isip si Marie.

76. *Idioma*: magbilang ng poste
Kahulugan: walang hanapbuhay
naghahanap ng trabaho

Halimbawa: Matagal nang nagbibilang ng poste si Manuel pero wala pa ring makitang trabaho.

77. *Idioma*: magbuwal ng baka
Kahulugan: magpatay ng baka para ihanda

Halimbawa: Balak ng hermano na magbuwal ng baka sa darating na piyesta.

78. *Idioma*: magdilang anghel
Kahulugan: magkatotoo ang sinabi

Halimbawa: Sana ay magdilang anghel si Glory.

79. *Idioma*: maghugas ng kamay
Kahulugan: palabasing walang kasalanan
walang kinalaman sa nangyari

Halimbawa: Naghugas ng kamay ang kapitan sa pagpapabilanggo sa kalaban.

80. *Idioma*: maglaro ng apoy
Kahulugan: magtaksil sa asawa

Halimbawa: Ang mabuting asawa ay inaasahang hindi maglalaro ng apoy.

81. *Idioma*: magyuko ng ulo

Kahulugan: pumayag na apihin

Halimbawa: Walang taong dapat magyuko ng ulo lalo at nasa katwiran.

82. *Idioma*: mahirap lunukin
Kahulugan: hindi matanggap

Halimbawa: Mahirap lunukin ang makipagbati sa dating mortal na kaaway.

83. *Idioma*: mainit ang ulo
Kahulugan: galit

Halimbawa: Lumayo ka sa taong mainit ang ulo kung ayaw mong mapahamak.

84 *Idioma*: maitim ang budhi
Kahulugan: taong masama

Halimbawa: Paano naatim ni Ana ang mag-asawa sa isang lalaking maitim ang budhi?

85. *Idioma*: makapal ang bulsa
Kahulugan: maraming pera

Halimbawa: Nanalo sa loterya si Iking kaya makapal ang bulsa.

86. *Idioma*: makapal ang mukha
Kahulugan: hindi marunong mahiya

Halimbawa: Makapal ang mukha ni Edong dahil matapos iwan ay hinihingan ng tulong si Elsa.

87. *Idioma*: malamig ang kamay
Kahulugan: madaling makabuhay ng halaman

Halimbawa: Ang tatang ko ay malamig ang kamay kaya marami kaming halaman sa bakuran.

88. *Idioma*: malapad ang noo
Kahulugan: matalino

Halimbawa: Ang ibig maging nobyo ni Noemi ay malapad ang noo.

89. *Idioma*: malapot ang dugo sa tubig
Kahulugan: mas papaboran ang kamag-anak

Halimbawa: Pinatunayan ni Jack na malapot ang dugo sa tubig nang panigan ang ama kaysa nobya.

90. *Idioma*: marumi ang isip
Kahulugan: nag-iisip ng masama sa kapwa.

Halimbawa: Kahit kailan ay marumi ang isip ni Kristen.

91. *Idioma*: masakit magsalita
Kahulugan: nakakasakit ng damdamin ang mga sinasabi

Halimbawa: Si Paulita ay masakit magsalita.

92. *Idioma*: masamang damo
Kahulugan: masama ang ugali kaya matagal pa bago mamatay

Halimbawa: Ang sabi ay masamang damo si Rod.

93. *Idioma*: matalas ang dila
Kahulugan: masakit magsalita

Halimbawa: Napaiyak si Isabel dahil sobrang matalas ang dila ni Eduardo.

94. *Idioma*: matalas ang pang-amoy

Kahulugan: mabilis kumuha ng impormasyon

Halimbawa: Matalas ang pang-amoy ng reporter kaya mabilis makakuha ng balita.

95. *Idioma*: matapang ang hiya
Kahulugan: hindi marunong mahiya

Halimbawa:
Ang batang si Paolo ay matapang ang hiya.

96. *Idioma*: matigas ang ulo
Kahulugan: mahirap pasunurin

Halimbawa: Pasakit sa magulang ang anak na matigas ang ulo.

97. *Idioma*: may bukas pa
Kahulugan: mayroon pang pag-asa

Halimbawa: Huwag malungkot dahil may bukas pa.

98. *Idioma*: may bulate sa tiyan
Kahulugan: laging gutom

Halimbawa: Parang may bulate sa tiyan si Julian dahil kakakain lang ay gustong kumain na naman.

99. *Idioma*: may isang salita
Kahulugan: maaasahang tuparin ang sinabi

Halimbawa: Nakahahanga ang lalaking may isang salita.

100. *Idioma*: may sugat ang puso
Kahulugan: nabigo sa pag-ibig

Halimbawa: Paano mo patatawanin ang isang may sugat ang puso?

101. *Idioma*: may sungay na
Kahulugan: matigas na ang ulo

Halimbawa: Hindi akalain ng lola na may sungay na ang apo niya.

102. *Idioma*: nag-aanyong tupa
Kahulugan: nagkukunwaring mabait
nagbabalatkayong mabuting tao

Halimbawa: Naloko si Rodolfo ng bagong kakilala na nag-aanyong tupa lang pala.

103. *Idioma*: nag-aapoy na damdamin
Kahulugan: galit na galit

Halimbawa: Hindi mapahupa ng anumang pakiusap ang nag-aapoy na damdamin ni Andrew.

104. *Idioma*: nagmumurang kamyas
Kahulugan: matandang gumagayak at nag-aasal kabataan

Halimbawa: Si Lolo Estoy ay nagmumurang kamyas kaya laging nakasuot ng hip-hop.

105. *Idioma*: nakuryente
Kahulugan: hindi nagkatotoo ang ikinuwento

Halimbawa: Nakuryente si Victor nang iulat sa manedyer ng kumpanya na nahigitan nila ang koleksyon nang nakaraang taon.

106. *Idioma*: namamana sa dilim
Kahulugan: hindi tiyak kung saan maghahanap

Halimbawa: Parang namamana sa dilim ang mga mangangaso sa paghahanap sa nawalang kasama.

107. *Idioma*: nasa tuktok ng mundo
Kahulugan: matagumpay
masaya sa pagkamit ng pangarap

Halimbawa: Ang pakiramdam ni Dindo ay nasa itaas ng mundo dahil tinanggap ni Cecille ang kanyang pag-ibig.

108. *Idioma:* ngasab-baboy

Kahulugan: may tunog kapag ngumuya

Halimbawa: Nakakawalang ganang kumain kapag ang kasabay ay ngasab-baboy.

109. *Idioma*: ngising aso
Kahulugan: hindi sinserong ngiti

Halimbawa: Isang ngiting aso ang iginanti ni Javier sa pagbati ni Olive.

110. *Idioma*: nilumot ng panahon
Kahulugan: matanda na o luma na

Halimbawa: Ang mga kaugaliang binanggit ni Lola Marta ay nilumot na ng panahon.

111. *Idioma*: pagsarhan ng pinto
Kahulugan: ayaw ibilang o ayaw isama
hindi tinatanggap

Halimbawa: Ayaw umasa ni Nani na patatawarin ng ina dahil pinagsarhan na siya ng pinto.

112. *Idioma*: palagay ang loob

Kahulugan: kampante ang loob

Halimbawa: Palagay ang loob ng batang ulila sa mga umampon sa kanya.

113. *Idioma*: palipad-hangin
Kahulugan: hindi sinasabi ng direkta

Halimbawa: Matagal nang nagpapalipad-hangin si Edu sa nililigawan niya.

114. *Idioma*: parang asong ulol
Kahulugan: halos masiraan ng bait sa galit

Halimbawa: Parang asong ulol na sumugod si Ferdie nang malamang dinaya siya.

115. *Idioma*: parang bubuyog
Kahulugan: mahilig bumulong

Halimbawa: Naiinis si Nestor sa katabi dahil parang bubuyog.

116. *Idioma*: parang kuwago
Kahulugan: may malaking mga mata

Halimbawa: Nagdamdam si Belle nang tuksuhin siyang parang kuwago.

117. *Idioma*: parang pagong
Kahulugan: mabagal kumilos

Halimbawa: Parang pagong ang hardinero kaya hindi makatapos sa gawain.

118. *Idioma*: pasan sa balikat
Kahulugan: mabigat na responsibilidad

Halimbawa: Matanda na si Mang Eliseo pero pasan pa rin sa balikat ang ang mga anak at mga apo.

119. *Idioma*: plastik
Kahulugan: hindi totoo o taong hindi matapat

Halimbawa: Nagalit si Maura kay Delia nang malamang plastik pala ito.

120. *Idioma*: pukpukin
Kahulugan: walang kusa
kailangang utusan para gumawa

Halimbawa: Ang nakuhang trabahador ni Dante ay pukpukin.

121. *Idioma*: pumuti man ang uwak
Kahulugan: hindi mangyayari o magkakatotoo

Halimbawa: Kahit pumuti pa ang uwak ay hindi maiibig ni Lorna si Gerry.

122. *Idioma*: pusong mamon
Kahulugan: maramdamin

Halimbawa: May pagka-pusong mamon si Gina kaya laging nakaiyak.

123. *Idioma*: putak nang putak
Kahulugan: walang tigil sa kasasalita

Halimbawa: Nakukulili na ang tenga ni Helen dahil putak nang putak si Betty,

124. *Idioma*: sa bingit ng bangin
Kahulugan: nasa panganib

Halimbawa: Hindi naisip ni Nelia na malalagay siya sa bingit ng bangin.

125. *Idioma*: saksakin sa likod
Kahulugan: traydurin

Halimbawa: Piliin mo ang kaibigang hindi ka sasaksakin sa likod.

126. *Idioma*: sagad sa kaluluwa
Kahulugan: napakatindi

Halimbawa: Sagad sa kaluluwa ang galit ni Rafael.

127. *Idioma*: sampal sa mukha
Kahulugan: mahirap tanggapin

Halimbawa: Sampal sa mukha ni Clariza ang pagkapanalo ni Ginny sa paligsahan.

128. *Idioma*: sampu sampera
Kahulugan: napakarami

Halimbawa: Maniniwala ka bang sampu sampera sa probinsiya namin ng mga prutas.

129. *Idioma*: sanga-sangang dila
Kahulugan: mahilig sa tsismis

Halimbawa: May sanga-sangang dila si Beth.

130. *Idioma*: santong paspasan
Kahulugan: daanin sa dahas

Halimbawa: Ang napangasawa ni Armin ay dinaan niya sa santong paspasan.

131. *Idioma*: saradong aklat
Kahulugan: hindi na dapat ungkatin

Halimbawa: Ang relasyon nina Gabo at Rachel ay saradong aklat na.

132. *Idioma*: saulian ng kandila
Kahulugan: putulin na ang relasyon

Halimbawa: Nagsaulian ng kandila ang magkumpare dahil sa walang kuwentang alitan.

133. *Idioma*: sinisilihan ang puwit
Kahulugan: hindi mapalagay

Halimbawa: Sinisilihan ang puwit ni Greta kaya umalis agad sa pagtitipon.

134. *Idioma*: sarhan ang bibig
Kahulugan: huwag magsalita

Halimbawa: Tinakot ng suspek ang biktima na sarhan ang bibig.

135. *Idioma*: sising alipin
Kahulugan: labis na panghihinayang

Halimbawa: Sising alipin ang ama dahil hindi pinag-aral ang anak.

136. *Idioma*: sugod-Marino
Kahulugan: patay kung patay
walang pakialam kung ano ang mangyayari

Halimbawa: Nagulat ang mga nagpupulong nang dumating ang sugod-Marinong si Buboy.

137. *Idioma*: suntok sa buwan
Kahulugan: malabong mangyari

Halimbawa: Naniniwala si Perly na suntok sa buwan na magkaasawa siya ng mayaman.

138. *Idioma*: tao sa una
Kahulugan: mga ninuno

Halimbawa: May sinusunod na ritwal ang mga tao sa una.

139. *Idioma*: taob na ang bangka
Kahulugan: ubos na ang puhunan

Halimbawa: Nag-ayawan na ang mga nagsusugal dahil taob na ang bangka.

140. *Idioma*: tapik sa balikat
Kahulugan: pagkilala sa ginawa

Halimbawa: Isang tapik lang sa balikat mula sa

kanyang amo ay sapat na kay Bitoy.

141. *Idioma*: tawirin ang tulay
Kahulugan: harapin ang pagsubok

Halimbawa: Titingnan ko kung kaya kong tawirin ang tulay.

142. *Idioma*: tengang kawali
Kahulugan: nagbibingi-bingihan

Halimbawa: Nagtetengang kawali si Eddie lalo na at uutusan.

143. *Idioma*: tigas ng loob
Kahulugan: may determinasyon

Halimbawa: Walang tatalo sa tigas ng loob ni Pedring.

144. *Idioma*: tila kiti-kiti
Kahulugan: magalaw, hindi mapalagay

Halimbawa: Kinurot ng lola ang tagiliran ng apo dahil tila kiti-kiti ito.

145. *Idioma*: tinik sa dibdib
Kahulugan: bagay o taong pinoproblema

Halimbawa: Ang tinik sa dibdib ni Aling Maria ay ang apong si Joel.

146.
Idioma: tulog-manok
Kahulugan: mababaw ang tulog

Halimbawa: Tulog-manok si Jose kaya nagising nang umakyat ang mga magnanakaw.

147. *Idioma*: *Idioma*: utak-biya
Kahulugan: bobo, walang alam

Halimbawa: Nasaktan si Rizza nang sabihin ng tiyahin na utak-biya siya.

148. *Idioma: Idioma*: utang na loob
Kahulugan: kabutihang nagawa na babayaran ng paglilingkod

Halimbawa: Malaki ang utang na loob ni Elma kay Dr. del Rosario dahil isinalba nito ang buhay ng kanyang kapatid.

149. *Idioma:* walang bahid
Kahulugan: malinis ang pagkatao

Halimbawa: Marami ang bumoto sa aming meyor dahil walang bahid ang kanyang rekord.